5 Patunay ng binayarang buwis (nouzei shoumeisho) at Patunay ng kita (shotoku shoumeisho)

Kinakailangan ang dokumentong makakapagpatunay ng inyong kinita at binayarang buwis sa mga sumusunod na okasyon: pagpapatuloy o pagbabago ng pahintulot na manirahan sa Japan, pagpasok ng anak sa day-care center, paghanap o pag-aplay na makakuha ng public housing, at iba pa. Kapag kailangan ng mga dokumentong ito, pumunta lamang sa munisipyo ng tinitirahang lugar simula ng ika-1 ng Enero sa taong iyon. Maaari ding magamit ang kopya ng final income tax return (2-1(2)) para sa mga detalye) o sertipiko para sa withholding tax (2-1(3)) para sa mga detalye) upang magpatunay ng kinita.

5-1 Paraan upang maiwasan ang dobleng pagbabayad ng buwis

Maraming kasong ginagamit ang kinita sa Japan upang magtayo ng negosyo o bumili ng lupa sa sariling bansa ngunit posibleng maningil din ng buwis ang sariling bayan (dobleng pagbabayad ng buwis). Upang maiwasan ito, may treaty na ginawa ang Japan at iba't ibang bansa (tingnan ang susunod na table). Kailangan lang may magpapatunay ng pagbayad ng buwis sa Japan at hindi na kailangan magbayad pa ulit ng buwis sa sariling bansa.

L Buwis

Bumalik sa TOP ng L Buwis

● **Mga bansang kasali sa treaty upang maiwasan ang dobleng pagbayad ng buwis (Noong Enero, 2009)**

Numero	Pangalan ng bansa	Numero	Pangalan ng bansa	Numero	Pangalan ng bansa
1	Ireland	16	Singapore	31	Bangladesh
2	U.S.A.	17	Switzerland	32	Fiji
3	Israel	18	Sweden	33	Philippines
4	Italy	19	Spain	34	Finland
5	India	20	Sri Lanka	35	Brazil
6	Indonesia	21	Thailand	36	France
7	England	22	China	37	Bulgaria
8	Vietnam	23	Former Czechoslovakia (1)	38	Belgium
9	Egypt	24	Denmark	39	Poland
10	Australia	25	Germany	40	Malaysia
11	Austria	26	Turkey	41	South Africa
12	Netherlands	27	New Zealand	42	Mexico
13	Canada	28	Norway	43	Romania
14	South Korea	29	Pakistan	44	Luxemburg
15	Zambia	30	Hungary	45	Russia (2)

(1) Ngayon, ang Czech Republic at Slovakia ay patuloy na sumasali dito.

(2) Ngayon, ang Russia, Kirgistan, Gruziya, Tadzhikistan, Uzbekistan, Turkmenistan, Ukraine, Armenia, Belarus, Azerbaijan, Moldova ay patuloy na sumasali dito.

Source: National Tax Agency